

## APPLICATION

- Ikaw ba ay tagasunod ni Cristo? Gusto mo bang ibigay ngayon ang iyong buong tiwala sa Kanya para sa iyong kaligtasan? Kung nagtiwala ka na kay Jesus, sinusunod mo ba ang utos niya na pumunta sa lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod Niya?
- Sino ang tinutulungan mong sumunod kay Jesus? Paano nakatutulong sa iyo ang kasiguraduhan ng presensya ng Diyos sa pagsunod mo sa Kanyang mga utos at tagubilin?
- Ano ang isang bagay na kailangan mong gawin sa ibang pamamaraan upang masunod mo ang kautusan ng Diyos tungkol sa pagdidisipulo?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa sumunod sa kautusan sa pagdidisipulo, na nagpalaganap ng ebanghelyo hanggang sa umabot ito sa iyo, matapos ang 2,000 taon. Pasalamatang ang Diyos para sa tao na nagbahagi ng ebanghelyo sa iyo at tumulong sa iyo na sumunod kay Jesus.
- Hingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang kagustuhan na ipangaral ang ebanghelyo at tulungan ang mga tao mula sa iba't-ibang mga lahi na sumunod sa Kanya. Ipanalangin na masunod mo nang maayos ang Kanyang mga utos at tagubilin. Hingin sa Diyos ang pag-ibig at katiyagaan habang tinutulungan mo ang iba na mamuhay kasama si Cristo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon na maipangaral ang ebanghelyo at matulungan ang iba na sumunod sa Kanya. Ipanalangin na ikaw ay maging instrumento na aakay sa iba patungo kay Cristo. Pasalamatang ang Diyos dahil magagawa mo ito nang may tapang at lakas ng loob sapagkat kasama mo lagi si Jesus.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## FORWARD

### Ang Kautusan sa Pagdidisipulo

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## WARM-UP

- Sino ang paborito mong guro? Bakit mo siya naging paborito?
- Nakapagbiyahe ka na ba kung saan kinailangan mo ng gagabay sa iyo? Ikuwento ang naging karanasan mo.
- May pagkakataon ba na may dapat kang gawin ngunit 'di mo alam kung paano mo gagawin ito o di mo alam kung ano ang gagawin mo? Ikuwento kung ano ang naramdaman mo at kung ano ang nangyari sa sitwasyong ito.

## WORD

<sup>18</sup>Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, “Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. <sup>19</sup>Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. <sup>20</sup>Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo.” **MATEO 28:18-20**

(Basahin din ang **JUAN 21:15-19**.)

Inutusan ni Jesus ang Kaniyang mga disipulo na humayo at magdisipulo. Sa Juan 21, tinanong ni Jesus si Pedro, “Mahal mo ba ako?” Sinagot ni Pedro si Jesus, “Alam n’yo po na mahal ko kayo.” Pagkatapos ay sinabi ni Jesus, “Alagaan mo ang aking mga tupa.” Una siyang tinawag ni Jesus upang maging mangingisda ng mga tao (Mateo 4:19). Bagama’t ipinagkanulo ni Pedro si Jesus, hinayaan Niya si Pedro na makapanumbalik at tinawag Niya ito upang maging pastol ng Kanyang iglesya. Dahil mahal nila si Jesus, ang Kanyang mga disipulo ay hindi lamang tinawag upang sumunod sa Kanya (ipangaral ang ebanghelyo). Dapat din nilang alagaan ang mga tao na nagdesisyon na sumunod sa Kanya (magdisipulo). Ngayon, ating titignan ang utos, tagubilin, at pangako ng kautusan ni Jesus tungkol sa pagdidisipulo ayon sa Mateo 28.

## 1 Ang Utos

<sup>18</sup>Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, “Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. <sup>19</sup>Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. . . .” **MATEO 28:18,19**

Ang kautusan sa pagdidisipulo ay hindi isang mungkahi o kaya ay bagay na may kasamang kondisyon. Hindi ito utos na maaari lamang nilang gawin sa tuwing “maramdaman lamang nila” o “maisip nila na handa na silang gawin ito.” Ito ay isang utos na pumunta sa lahat ng bahagi ng mundo at turuan ang mga tao na sumunod kay Jesus. Walang itinangi na tao o lahi sa mga dapat maging disipulo Niya. Wala ring disipulo na hindi kabilang sa mga dapat tumulong sa iba. Paano makikita sa kautusan ni Jesus ang pagmamahal niya sa lahat ng lahi?

## 2 Ang Tagubilin

<sup>19</sup> . . . Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. <sup>20</sup>Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. . . .” **MATEO 28:19,20**

Nagbigay si Jesus ng tagubilin ang Kanyang mga disipulo. Sinabihan Niya sila na *bautismuhan* ang Kanyang mga disipulo, bilang pagpapakita ng pagbabago na nangyari sa kanilang mga puso. Pagkatapos, dapat nilang maituro sa mga bagong disipulo na *sumunod sa lahat ng iniutos [Niya]*. Kailangang maglaan ng oras ng mga disipulo ni Jesus upang ibahagi ang kanilang buhay sa mga bagong tagasunod at turuan sila kung paano sumunod sa Kanya. Paano mo natutunan ang pagsunod kay Cristo kasama ang iba pang mananampalataya? Paano ito nakatulong sa paglago mo sa pananampalataya?

## 3 Ang Pangako

“ . . . At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo.” **MATEO 28:20**

Tayo ay mga disipulo ni Cristo dahil may isang tao na nagbahagi ng ebanghelyo sa atin at tinuruan tayo kung paano sumunod sa Kanya. Ngayon, tayo ay inatasan na tulungan ang iba na sumunod kay Cristo. Dahil sa ating pagmamahal kay Cristo, na unang nagmahal sa atin, buong tiwala tayong makasusunod sa Kanyang mga utos at tagubilin. Ang kagandahan sa lahat ng ito ay ang pangako ni Jesus na lagi Niya tayong kasama. Ito ay isang kasiguraduhan na anuman ang ating harapan, maaari nating gawin ang Kanyang mga utos at makamit ang tagumpay laban sa anumang pagsubok. Paano tayo nabibigyan ng kakayahan ng pangakong ito upang buong tapang na maipangaral ang ebanghelyo at matulungan ang iba na maging tagasunod ni Cristo?